

# Teacher's Guide Pre-School

## Aralin 1 Ang Diyos ang Gumawa ng Lahat ng Bagay

Totoo: Ang Diyos ang lumikha ng lahat ng bagay.

Reference: Genesis 1-2:3

Mabuti: Ang lahat ng nilikha ng Diyos ay nagbigay kasiyahan sa Kanya.

Tama: Pahalagahan ang mga nilikha ng Diyos.

A. Panalangin — Matapos magdasal ay ihanda ang mga bata sa pagsisimula ng aralin. (Ganito rin ang iyong gawin sa susunod na mga aralin)

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa paglikha ng Diyos. (Sa susunod na aralin kung walang ibinigay na motivation, magpaawit at magpalaro ayon sa lesson na ituturo)

### C. Bible story: **Paglikha sa Sanlibutan. (Genesis 1:1-31)**

Noong unang panahon, madilim pa ang buong mundo. Kaya naman sinabi ng Diyos, Magkaroon ng liwanag! At ang sinabi ng Diyos, Ang liwanag ay mabuti. Tinawag ng Diyos ang kadiliman na gabi at ang liwanag na araw. Ano nga ang nilikha ng Diyos dahil madilim?"

Sa ikalawang araw, nilikha ng Diyos ang kalangitan. At sinabi ng Diyos, "Ang kalangitan ay mabuti". Noong ikalawang araw, ano ang ginawa ng Diyos na may mga ulap?"

Sa ikatlong araw, nilikha ng Diyos ang karagatan at ang lupa. At sinabi ng Diyos, "Ang karagatan at ang lupa ay mabuti." At nilikha ng Diyos sa ikatlong araw ang iba't ibang uri ng puno at mga prutas at iba't ibang uri ng halaman at mga bulaklak. At sinabi ng Diyos, "Ang mga puno, prutas, halaman at mga bulaklak ay mabuti".

Sa ika-apat na araw, nilikha ng Diyos ang araw, buwan at mga bituin. At sinabi ng Diyos, "Ang araw, buwan at mga bituin ay mabuti".

Sa ika-limang araw, nilikha ng Diyos ang iba't ibang uri ng isda sa karagatan at iba't ibang uri ng ibon sa kalangitan. At sinabi ng Diyos, "Ang mga isda at mga ibon ay mabuti".

Sa ika-anim na araw, nilikha ng Diyos ang lahat ng uri ng malalaki at maliliit na hayop na gumagapang sa lupa. At nilikha ng Diyos ang Tao. Ang lalaki at babae ay nilikha ng Diyos. At nakita ng Diyos na ang lahat ng Kanyang nilikha ay mabuti.

Ang ika-pitong araw, ang Diyos ay nagpahinga at ginawa Niyang banal ang araw na iyon."

### D. Familiar Story

Isang Linggo habang nanananghali ang mag-inang Hazel at Nikolo, napansin ng ina na parang may malalim na iniisip ang anak.

*Nanay:* "Anak, bakit parang malalim ang iniisip mo may problema ka ba?" ang tanong ni Hazel sa anak.

Sumagot ang anak,

*Hazel:* "Nanay natutuhan namin kanina sa Sunday school na ang Diyos ang lumikha ng lahat ng bagay sa mundo. Alam mo po ba na nasiyahan Siya sa lahat ng Kanyang nilikha? Tapos nanay sinabi ng teacher namin na dapat ay matuto kaming pahalagahan ang lahat ng nilikha Niya. Pero paano ko gagawin yun eh bata pa ako. Pwede ko na po bang gawin yun kahit na 4 years old lang ako?"

*Nanay:* "Aba oo anak" nakangiting sagot ni nanay. "Kahit bata ka pa maipapakita mo ang pagpapahalaga sa mga nilikha ng Diyos. Halimbawa, hindi ka dapat nagkakalat ng balat ng kendi kung saan-saan. Dapat sa basurahan mo lang ito itapon. Yung mga halaman na nakikita mo sa daan ay hindi mo dapat hinihila o sinisira. Iyan ay ilang simpleng bagay na maaari mong gawin".

*Hazel:* "Wow pwede ko pala talaga mapakita na pinapaha-lagahan ko ang mga nilikha ng Diyos

kahit bata pa ako. Salamat nanay.”. At masayang pinagpatuloy ng mag-ina ang kanilang pagkain.

- E. Activity time — Ipamahagi ang Activity sheet at ito ay ipaliwanag at ipasagot sa kanila. (Ganito rin ang iyong gawin sa susunod pang mga aralin.)
- F. Gabay ng buhay
- Muling balikan ang napag-aralan.
  - Bigyang diin na ang Diyos ang lumikha sa lahat ng bagay at ito’y nakakapagbigay kasiyahan sa kanya.
- G. Preventive Health Care — Paghuhugas ng Kamay
- Tamang paraan:
    1. Buksan ang gripo at itapat ang kamay sa tumutulong tubig.
    2. Kuskusin ng sabon ang kamay hanggang sa bumula upang maalis ang mga germs.
    3. Kuskusin ang mga kuko upang maalis ang mga dumi na nakasingit dito.
    4. Magbanlaw ng mabuti sa tumutulong tubig.
    5. Punasan ang kamay ng tuyong tuwalya.
- H. Ihanda ang mga bata sa merienda. Magdasal muna at pagkatapos ay tulungan ang mga bata na mabuksan ang kanilang mga baon. Ituro sa kanila ang basurahan at sabihing doon nila itapon ang kanilang mga basura. At sabihing ang pagtatapon ng basura sa basurahan ay mabuti. Ipaayos ulit ang mga gamit nila sa bag. (Ganito ang iyong gawin sa susunod pang mga aralin)
- I. Kung may oras pa ay magpaawit muli. Kung wala na ay magwakas sa isang panalangin. (Ganito rin ang iyong gagawin sa susunod pang mga aralin. Laging magwakas sa isang panalangin)

## Aralin 2 Ang Diyos ay Mabuti

Totoo: Ang Diyos ay mabuti. Pinagagalang Niya ang mga may sakit na nagtitiwala sa Kanya.  
Reference: Matthew 20:29-34

Mabuti: Ang mga taong nagtitiwala sa Diyos ay nakapagbibigay kasiyahan sa Kanya.

Tama: Ipanalangin ang kapwa na may karamdaman at magti-wala na tutugunin ng Diyos ang kanilang panalangin.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa kabutihan ng Diyos

C. Bible story: **Nakakita ang Dalawang Bulag (Matthew 20:29-34)**

Noong unang panahon, si Jesus at ang kanyang mga alagad ay naglalakad. At habang naglalakad sila, maraming-maraming tao ang sumusunod sa kanila. Mayroong dalawang bulag na nakaupo sa tabi ng kalye at narinig nila na si Jesus ay dadaan doon.

Kaya ang ginawa ng dalawang bulag ay sumigaw sila at sinabing, “*Panginoon, maawa ka sa amin.*” Pinagsabihan sila ng mga tao sa paligid nila, “*Hoy, ‘wag kayong maingay.*”

Pero ang ginawa ng dalawang bulag ay lalong nilakasan ang boses nila at sumigaw ulit sila, “*Panginoon, maawa ka sa amin.*”

Dahil doon, huminto si Jesus at tinanong Niya ang mga bulag, “*Ano ang ibig ninyong gawin Ko para sa inyo?*”

“*Panginoon, gusto naming makakita.*”

Naawa si Jesus sa dalawang bulag, kaya hinipo Niya ang kanilang mga mata. At agad-agad naman ay nakakita sila. Tapos ay sumunod sila kay Jesus.

Tanungin ang mga bata:

1. Ipakita gamit ang inyong mga daliri kung ilan ba ang bulag sa ating kuwento?

2. Sino ang hinihintay ng dalawang bulag?
3. Ano ang ginawa ni Jesus sa mga bulag?
4. Mabuti ba ang ginawa ni Jesus? (Tama! Pinagaling ni Jesus ang dalawang bulag dahil Siya ay mabuti.)

#### D. Familiar Story

Isang hapon naglalakad pauwi si Leo ng makita niya ang matalik niyang kaibigan na si Carlo na nakaupo sa tapat ng kanilang bahay. Napansin niya na malungkot ito kaya't nilapitan niya at tinanong, *“Carlo bakit ka malungkot?”*

*“Si nanay kasi may sakit”* ang sagot ni Carlo. *“Huwag kang malungkot Carlo, ipag-pray natin ang nanay mo para siya ay pagalingin ni Jesus. Alam mo ba natutuhan ko sa Sunday school na si Jesus ay nagpapagaling ng may sakit?”* ang masayang binahagi ni Leo. *“Mabuti pala si Jesus dahil pinapakinggan Niya ang ating kahilingan”* sabi ni Carlo.

*“Oo, tunay na mabuti ang Diyos kaya't lagi ka lang magtiwala na nakikinig Siya sa iyo sa tuwing ikaw ay mananalangin at sasagutin Niya ito”* ang nakangiting sagot ni Leo. Nanalangin ang magkaibigan at hiniling sa Diyos na pagalingin ang nanay ni Carlo.

#### F. Gabay ng Buhay — Muling balikan ang kuwento ng dalawang bulag na pinagaling ni Jesus.

- Bigyang diin na ang Diyos ay mabuti. Nakikinig Siya sa mga taong nagtiwala sa Kanya at tinutugunan ang kanilang kahilingan.

### **Aralin 3 Ang Diyos ay Mabait**

Totoo: Ang Diyos ay mabait. Siya ang magbibigay sa atin ng ating pangangailangan.

Reference: Matthew 6:11

Mabuti: Hilingin natin ang ating mga pangangailangan sa Diyos.

Tama: Ipakita ang kabaitan sa kapwa sa pamamagitan ng pagbahagi ng iyong baon o pagkain sa kapatid, kaibigan o kaeskwela.

#### B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa kabutihan ng Diyos.

##### . Bible story: **Pinakain ni Jesus ang Limang Libo (John 6:1-13)**

Isang araw, si Jesus ay naglalakbay at maraming tao ang sumusunod sa Kanya. Sila ay sumusunod kay Jesus dahil narinig nila ang tungkol sa pagpapagaling Niya sa mga may sakit. Umakyat si Jesus sa gilid ng bundok at naupo. Nakita Niya na napakaraming taong lumalapit sa Kanya. Tinanong Niya si Felipe, isa sa mga alagad Niya, *“Saan tayo makakabili ng tinapay para mapakain ang mga taong ito?”*

Sumagot naman si Felipe, *“Kahit suweldo ng pang-walong buwan ay kukulangin para mapakain silang lahat.”*

Si Andres naman na isa sa mga alagad ni Jesus ay nagsalita, *“Narito ang isang bata na may limang tinapay at dalawang isda. Pero paano na lang yan sa ganito karaming tao?”*

*“Paupuin ninyo sila”*, sabi ni Jesus. Ang mga tao ay naupo sa damuhan, mga limang libo silang lahat. Kinuha ni Jesus ang tinapay at isda ng bata at nagpasalamat. Dumami nang dumami ang tinapay at isda. Pagkatapos ay binigyan ang lahat ng taong nandoon. Kumain sila hanggang sa gusto nila. Matapos makakain ang lahat, inutos ni Jesus sa Kanyang mga alagad na ipunin ang mga natirang tinapay at isda. Nakagugulat sapagkat nakapuno pa sila ng labindalawang basket. Tunay na ang Diyos ay napakabait.

Bakit napakaraming tao ang sumusunod kay Jesus?”

“Ano ang sinabi ni Jesus kay Felipe?”

“Ilang isda at tinapay ang dala-dala ng bata?”

“Ano ang ginawa ni Jesus sa isda at tinapay?” (Tama, nagpasalamat Siya at pinakain ang napakaraming tao. Mabait talaga si Jesus, binigyan Niya ng makakain ang mga taong sumusunod sa Kanya.)

#### D. Familiar Story

Si Vanessa ay mabait na bata. Lagi niyang binabahagi ang kanyang pagkain o kaya ay laruan sa kanyang kapatid, kalaro at kaeskwela. Sa tuwing nagbabahagi siya ay hindi ito naghihintay ng kapalit.

Isang beses na pumasok si Vanessa sa school ay nakalimutan niya ang kanyang baon. Napansin ito ng kanyang kaeskwela at dali-daling binigyan siya ng kanyang baon.

*“Vanessa eto o share tayo sa baon ko. Napansin ko kasi na palagi kang nag-share sa kaklase natin ng baon kaya gusto kong tularan ang kabaitan mo”* ang sabi ni Carol.

*“Naku salamat Carol. Sabi kasi ni nanay na dapat maging mabait ako sa iba dahil natutuwa si Jesus sa mga batang mabait. Siya ang nagbibigay ng aming mga kailangan kaya dapat matutuo rin ako magbigay sa iba.”* ang wika naman ni Vanessa.

#### F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang kuwento,
- Bigyang diin na ang Diyos ay mabait. Siya ang nagbibigay ng ating pangangailangan.

#### H. Preventive Health Care — Pag-eehersisyo

- Kahalagahan—upang mapanatiling malakas at masigla ang katawan.
- Kailan dapat gawin - hanggat maaari ay araw-araw sa umaga bago magsimula sa anumang gawain.

### Aralin 4 Ang Salita ng Diyos ay Totoo

Totoo: Ang salita ng Diyos ay totoo. Reference: Psalm 119:160

Mabuti: Magtiwala sa salita ng Diyos.

Tama: Magtiwala at sundin ang salita ng Diyos sapagkat ito ay totoo.

#### B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa ang Biblia ay salita ng Diyos

#### C. Bible story: **Ang Baha (Genesis 6-8)**

Si Noah na lamang ang natitirang matuwid na tao nang panahong iyon. Siya ay namumuhay na kasama ang Diyos. Maliban sa kanya, ang lahat ng tao sa paligid niya ay patuloy na kasamaan lang ang iniisip at puro kasamaan ang ginagawa kahit saan. Ito ang kalagayang nakikita ng Diyos sa lahat ng dako.

Sinabi ng Diyos kay Noah, *Lilipulin ko na ang tao sa daigdig. Umabot na sa sukdulan ang kanilang kasamaan. Gumawa ka ng isang malaking barko sapagkat palulubugin ko sa tubig ang buong daigdig at mamamatay ang lahat ng may buhay sa balat ng lupa. Isama mo ang iyong asawa at mga anak na sina Ham, Shem at Japheth, at mga asawa nila. Pumasok kayo sa barko. Magsama ka rin ng isang pares ng bawat uri ng hayop. Maglaan ka ng lahat ng uri ng pagkain para sa inyong magkakasama.* Nagtiwala si Noah sa sinabi ng Diyos kaya’t sa tulong ng kanyang mga anak, ginawa nila ang napakalaking barko ayon sa utos ng Diyos.

Bumuhos ang ulan sa loob ng apatnapung araw at apatnapung gabi. Tumaas nang tumaas ang tubig. Hindi bumaba ang tubig sa loob ng 150 araw. Hindi nawala sa isipan ng Diyos sila Noah at ang lahat ng hayop na kasama niya sa barko. Kaya pinaihip niya ang hangin, at nagsimulang bumaba ang tubig.

Pagkalipas ng apatnapung araw, binuksan ni Noah ang bintana ng barko at pinalipad ang isang uwak. Sunod niyang pinalipad ang isang kalapati upang tingnan kung wala nang tubig sa labas. Nagbalik ang kalapati. Pagkalipas ng pitong araw, muli niyang pinalipad ang kalapati. Pagbalik nito kinagabihan, ito'y may dalang sariwang dahon ng olibo.

Makalipas ang ilang araw, sinabi ng Diyos kay Noah, *Lumabas na kayo sa barko. Palabasin mo na rin ang lahat ng mga hayop na naroon – maamo at mailap, gumagapang at lumalakad sa lupa at pati ang mga ibon.* Pinalitaw ng Diyos ang isang rainbow bilang tanda sa Kanyang pangako na hindi na niya muling sisirain ang mundo sa pamamagitan ng tubig.

Tanungin ang mga bata:

1. Ano ang ipinagagawa ng Diyos kay Noah?
2. Bakit Niya inutusan si Noah na gumawa ng barko?
3. Nangyari ba ang sinabi ng Diyos kay Noah?
4. Ano ang nangyari kay Noah at sa kanyang pamilya?(Tama, sila ay naligtas. Totoong nangyari ang sinabi ng Diyos. Basta sinabi ng Diyos ito ay totoo. Ang salita ng Diyos ay totoo.)

D. Familiar Story

Bata pa lang si Kevin ay dinadala na siya ng kanyang magulang sa Sunday school. Marami na siyang natutuhan at lagi niya itong sinusunod.

Noong Linggo ay natutuhan niya na dapat sundin ng mga anak ang kanilang mga magulang sapagkat ito ay nararapat. Kaya't sa tuwing inutusan siya ng kanyang mga magulang o sinumang nakakatanda sa kanya ay agad-agad niyang sinusunod ito.

Hindi maririnig si Kevin na umaangal o nagdadabog, sa halip ginagawa niya ito ng may kasiyahan. Isang araw ay narinig niyang inutusan ng nanay ang nakababatang kapatid, "Jong, pakikuha mo nga ang basura at dalhin sa labas".

Napansin ni Kevin na hindi sumusunod ang kapatid kaya't nilapitan niya ito "Jong inutusan ka ni nanay. Bakit hindi ka sumusunod?". "Ayoko nga nanunuod pa ako eh" ang sagot ng nakababatang kapatid. "Alam mo Jong sinabi sa bible dapat sinusunod ng mga mga anak ang kanilang magulang. Kaya dapat gawin mo na ang pinagagawa ni nanay" ang paalala ng kapatid.

"Ganun ba kuya? Sige gagawin ko na" ang sabi ni Jong. Agad itong lumapit sa nanay niya at nag-sorry dahil hindi siya agad sumunod.

F. Gabay ng Buhay — Muling balikan ang kuwento

- Bigyang diin na ang salita ng Diyos ay totoo kaya't dapat itong paniwalaan.

### **Aralin 5 Ang Pagsasabi ng Totoo ay Mabuti.**

Totoo: Nasusuklam ang Diyos sa taong nagsisinungaling.

Reference: Proverbs 12:22

Mabuti: Nasisiyahan ang Diyos sa taong matapat.

Tama: Huwag magsisinungaling kung may nagawang hindi tama kahit alam mo na ikaw ay mapapagalitan.

B. Motivation

- Ilabas ang hinandang *happy face* at *sad face* at bigyan isa-isa ang mga bata. Sabihin sa kanila na may ipakikita ka sa kanilang larawan. Sa bawat larawan na ipakikita sasabihin nila kung ito ay dapat na ginagawa o hindi nila dapat ginagawa. Kung ang sagot nila ay dapat, itataas nila ang *happy face* at *sad face* kung hindi. Sa bawat sagot nila tanungin sila kung ano ang dapat gawin o ipapaliwanag kung bakit ganoon ang sagot nila. Maghanda ng sumusunod na larawan (sa bawat larawan na ipakikita, siguruhin na ipapaliwanag ng guro kung ano ito):
- Batang naninira ng halaman.

- Batang nakasuot ng helmet, elbow at knee pad habang nakasakay sa bisikleta.
- Batang nagwawalis sa bakuran.
- Batang namamalo ng aso.
- Batang nagdadasal.

### C. Bible story: **Pinagaling ang Ketong ni Naaman (2 Kings 5:1-27)**

Si Naaman ay matapang at magaling na sundalo. Siya ay nagkaroon ng napakaraming sugat sa katawan. Ang tawag dito ay ketong. May nagbalita sa kanya na may isang tao na makapagpapagaling sa kanya. Dali-dali niyang pinuntahan ito. Ang taong ito ay si Eliseo na alagad ng Diyos.

Eliseo: Naaman, maligo ka sa Ilog ng Jordan at gagaling ang lahat ng iyong sugat.

Nagalit si Naaman dahil hindi niya akalain na ganoon ang ipagagawa ni Eliseo sa kanya. Ngunit sumunod din si Naaman. Naligo siya sa ilog at pag-ahon niya sa tubig ay gumaling nga ang kanyang mga sugat. Bumalik si Naaman kay Eliseo at:

Naaman: *Salamat sa iyo. Purihin ang Diyos!*

Pilit na nag-aabot sana si Naaman ng bayad kay Eliseo ngunit ito ay hindi tinanggap ni Eliseo.

Hindi alam nila Eliseo at Naaman, nakikinig pala si Giezi, na alipin ni Eliseo. Habang naglalakbay pauwi si Naaman, hinabol siya ni Giezi.

Giezi: *Naaman, nagbago ang isip ng aking amo. Pinahihingi niya sa iyo ang pilak at bihisan na iyong inaabot sa kanya kanina.*

Ibinigay nga ni Naaman ang pilak at bihisan kay Giezi. Nang makabalik si Giezi sa bahay ng kanyang among si Eliseo,

Eliseo: *Saan ka nanggaling?*

Giezi: *Hindi po ako umalis.*

Eliseo: *Alam kong hindi ka nagsasabi ng totoo at alam ko rin ang pagsisinungaling na ginawa mo kay Naaman.*

Dahil nagsinungaling si Giezi, siya ay pinarusahan ng Diyos. Ang mga sugat na pinagaling kay Naaman ay nalipat sa kanya.

Tanungin ang mga bata:

1. Bakit pinarusahan si Giezi? (Tama, siya ay nag-sinungaling kaya siya naparusahan. Hindi nasisiyahan ang Diyos kapag tayo ay nagsisinungaling. Hindi rin matu-tuwa si nanay at tatay pag nagsinungaling ka. Tapos mapapagalitan ka pa pag ito ay ginagawa mo.

### D. Familiar Story

Si Mark ay apat na taong gulang. Ang paborito niyang laruan ay kotse at ito ay lagi niyang dinadala kahit saan siya magpunta.

Isang araw, pagkatapos ng klase, niyaya ni Mark ang mga kaeskwela na maglaro sa loob ng classroom. Naglaro sila gamit ang kanilang laruan. Pinapaandar ni Mark ang kanyang kotse sa ibabaw ng mesa ng kanilang guro. Sa kanyang paglalaro, di sinasadyang tinamaan ni Mark ang plorera sa ibabaw ng mesa. Ito ay bumagsag at nabasag. Napatigil ang mga kaklase sa paglalaro at sabay-sabay na nagtakbuhan palabas. Tumakbo din palabas ng silid si Mark at dali-daling ni-lock ang pinto.

Kinabukasan, si Mark ay dahan-dahang naglakad papasok sa loob ng classroom at tinignan ang lugar na binagsakan ng plorera. Hindi na niya ito nakita kaya siya ay nakahinga ng maluwap. Inisip niya na huwag ng sabihin sa guro ang pangyayari dahil natatakot din siyang aminin ito. Pumasok na ang kanilang guro at ang buong klase ay tumayo at bumati.

Nagsimula ang klase sa pamamagitan ng isang panalangin at ang lahat ay naupo. Sinabi ng guro “Isa sa mga natutuhan ninyo sa values education ay ang pagsasabi ng totoo. Kanina pagpasok ko sa classroom nakita ko na may basag na plorera sa sahig. Marahil mayroong mga batang naglaro kahapon dito at aksidenteng nabasag ito. Hihintayin ko ngayong araw na ito na lapitan ako ng kung sino man ang nakabasag ng plorera at ang mga naglaro dito sa classroom kahapon.”

#### F. Gabay ng Buhay — Muling balikan ang kuwento

- Bigyang diin na ayaw ng Diyos sa taong sinungaling kaya’t huwag magsisisungaling kung ayaw mapahamak.

#### G. Preventive Health Care — Pagligo

- Tamang paraan:
  1. Basain ng mabuti ang buong katawan ng tubig.
  2. Lagyan ng shampoo ang buhok at lumikha ng bula na gamit ang dulo ng daliri.
  3. Banlawan ng mabuti ang buhok.
  4. Lagyan ng sabon ang face towel at kuskusin ang mukha pababa sa paa. Huwag sisimulan sa paa dahil ito ang pinakamaruming bahagi ng katawan. Bigyang pansin ang mga singit.
  5. Magbanlaw ng mabuti gamit ang tubig.
- Mga dapat gawin matapos maligo:
  1. Punasan ang buong katawan at tainga ng tuyo at malinis na tuwalya.
  2. Maglagay ng lotion (kung mayroon).
  3. Magbihis ng malinis na damit.
  4. Magsuklay ng buhok at siguraduhing malinis din ang suklay na gagamitin.

### **Aralin 6 Ang Pagsunod sa Utos ng Diyos ay Tama**

Totoo: Ang pagsunod sa utos ng Diyos ay pagpapatunay ng ating pag-ibig sa Kanya.

Reference: John 14:15

Mabuti: Sumunod sa utos ng Diyos.

Tama: Huwag kumuha ng bagay na hindi mo pag-aari.

B. Motivation — Matapos ang awitin tanungin ang mga bata kung sino sa kanila ang nagmamahal sa Diyos. Alamin sa kanila kung paano nila pinakikita na mahal nila ang Diyos. Sabihin sa kanila na ang pagsunod sa utos ng Diyos ay isang paraan ng pagpapakita na tunay nilang mahal ang Diyos.

#### C. Bible story: **Sampung Utos ng Diyos (Exodus 20:1-17)**

Nang makaalis si Moses at ang mga Israelita sa Ehipto, sila ay patuloy na naglakbay hanggang sa dumating sila sa desierto ng Sinai. At doon sila ay nagtayo ng kampo sa tapat ng bundok ng Sinai. Ang Diyos ay nakipag-usap sa mga Israelita sa pamamagitan ni Moses. Inutusan ng Diyos si Moses na umakyat sa bundok ng Sinai. Sinabi Niyang kakausapin Niya si Moses mula sa makapal na ulap. Ngunit sinabi ng Diyos na ang mga Israelita ay hindi maaaring sumama kay Moses sa kanyang pag-akyat sa bundok. Kaya si Moses ay sumunod sa pinag-utos ng Diyos. Umakyat siya sa bundok ng Sinai at doon ay ibinigay ng Diyos ang sampung utos na nakasulat sa bato.

Ang sampung utos ng Diyos na binigay kay Moses ay gabay para sa buhay ng mga nagtitiwala sa Diyos. Isa sa sampung utos ng Diyos ay huwag magnanakaw.

Tanungin ang mga bata:

1. Sino ang kinausap ng Diyos sa ating kuwento?

2. Ano ang ibinigay ng Diyos kay Moses sa bundok ng Sinai?
3. Ano ang isa sa mga utos na ibinigay ng Diyos?
4. Alam niyo ba ang ibig sabihin ng 'Huwag kayong magnanakaw'? (Tama, ang pagkuha ng isang bagay na hindi sa atin ay pagnanakaw. Hindi ito mabuti.)

#### D. Familiar Story

Si Ali ay pumapasok sa isang day care center. Isang araw sa loob ng classroom, may nakaiwan ng pencil case sa ibabaw ng mesa. Napakaganda ng lagayan na ito at mukhang bago pa. Nakita ito ni Ali. Naisip niya na itago ang lagayan ng lapis dahil yung sa kanya ay luma at sirana.

Pag-uwi ni Ali sa bahay, nakita ng nanay ang bagong lagayan ng lapis ni Ali.

Nanay: *"Kanino ang lagayan ng lapis na ito?"*

Ali: *"Hindi ko po alam. Nakita ko lang yan sa classroom namin kaya kinuha ko at tinago."*

Nanay: *"Anak hindi mo dapat kinuha at tinago ang hindi sa iyo. Bukas ay ibalik mo kay teacher yan at siguradong may isang batang nalulungkot na nakawala ng kanyang lagayan ng lapis."*

Ali: *"Opo nanay."*

#### F. Gabay ng Buhay — Muling balikan ang kuwento.

- Bigyang diin na dapat matutong sundin ang utos ng Diyos upang malaman ito ay dapat magbasa ng Bible.

### **Aralin 7 Ang Pagsuway sa Utos ng Diyos ay Mali**

Totoo: Ang pagsunod sa utos ng Diyos ay pagpapatunay ng ating pag-ibig sa Kanya.

Reference: John 14:15

Mabuti: Pagsunod sa utos ng Diyos.

Tama: Sumunod sa utos ng magulang.

#### B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pag-ibig ng Diyos

#### C. Bible story: **Ang Kasalanan ni Acan (Joshua 7)**

Si Joshua ay lider ng kawal ng Israel. Siya ang nangunguna sa lahat ng kanilang pakikipaglaban sa ibang lahi. Matagumpay si Joshua sa kanyang pangunguna sapagkat palagi niyang sinusunod ang sinasabi ng Diyos. Nang talunin nila ang mga kalaban sinabi ng Diyos sa kanila na wala silang kukunin ni dadalhin na kahit anumang pag-aari ng kanilang kaaway. Ganoon nga ang ginawa ng mga Israelita maliban sa isang kawal na si Acan. Nagtago siya ng ilang mga bagay na pag-aari ng kanilang kalaban at ibinaon ito sa lupa sa ilalim ng kanyang tolda.

Nang muling lumaban ang mga kawal ni Joshua sila ay natalo. Nalungkot at nagtanong si Joshua sa Diyos kung bakit ganoon ang nangyari. Sinabi sa kanya ng Diyos na hindi nila sinunod ang sinabi Niya na huwag magdadala ng anumang gamit na pag-aari ng kanilang kalaban ngunit ginawa nila ito. Inalam ni Joshua kung sino ang lumabag sa utos ng Diyos. Napag-alaman niya na si Acan, ang isa sa kanyang kawan, ang sumuway sa utos ng Diyos. Dahil dito kinuha ni Joshua ang mga gamit na kinuha ni Acan, sinunog ito at pinarusahan si Acan.

Tanungin ang mga bata:

1. Bakit laging nananalo si Joshua at ang kanyang mga kawal sa pakikipaglaban?
2. Ano ang inutos ng Diyos matapos nilang sakupin ang isang lugar?
3. Ano ang ginawa ni Acan?
4. Ano ang nangyari sa mga kawal ng Israel?

Ano ang nangyari kay Acan? (Tama dahil hindi niya



1. sinunod ang utos ng Diyos siya ay napahamak.)

#### D. Familiar Story

Si Hans, isang 5 years old na bata, ay mahilig manood ng telebisyon. Pilit niyang ginagaya ang mga ginagawa ng paborito niyang super hero. Madalas ay tumutungtong siya sa mesa o kaya'y umaakyat sa grills ng bintana at saka tatalon. Pinaaalalahanan palagi ni nanay si Hans, "*Anak huwag kang umaakyat sa mataas na bagay at tapos ay lulundag ka. Mababalian ka ng buto sige ka*".

Isang umaga matapos na naman mapanood ni Hans ang paboritong super hero, agad-agad itong tumungtong sa kabinet. Habang siya ay umaakyat nawalan siya ng balanse at nalaglag sa sahig. "*Waaaaahhhh, ang sakit!*" ang hiyaw ni Hans. Narinig siya ng kaniyang nanay at dali-daling tumakbo papunta sa kanya. Hindi pa nagtatanong ang nanay ay agad ng sinabi ni Hans na siya ay nalaglag. "*Naku mukhang nabali yata ang braso mo*" ang sabi ng nanay.

Agad na dinala ni nanay si Hans sa ospital at doon ay ginamot at nilagyan ng semento ang kanyang baling buto. "*O ayan Hans sa susunod kasi makikinig ka sa nanay mo para hindi ka mapapahamak*" ang paalala ng doctor sa kanya. "*Opo hindi na mauulit, sorry po nanay dahil hindi ako nakikinig sa iyo.*" Ngumiti ang ina at hinalikan ang anak.

#### F. Gabay ng Buhay — Muling balikan ang kuwento.

- Bigyang diin na ang pagsuway sa utos ng Diyos ay magdudulot ng kapahamakan sa ating buhay.

#### G. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Isa sa mga paraan na mabibigyang kasiyahan natin ang Diyos ay ang pangangalaga ng pangangatawan na kanyang pinagkaloob.

- Pag-gugupit ng kuko gamit ang nail cutter.
- Kahalagahan — upang mabawasan o maiwasan ang pagpasok ng dumi at germs na nagiging sanhi ng pagkakasakit.
- Kailan dapat gawin—kahit gaano kadalas kung kinakailangan.
- Tamang pamamaraan—gupitin ang bawat kuko ng obal na hugis. Iwasan ang paggupit sa kuko ng sobrang iksi upang maiwasan din ang pagsusugat sa paligid ng kuko.

### **Aralin 8 Ako Ay Nilikha ng Diyos**

Totoo: Nilikha ng Diyos ang tao ayon sa Kanyang wangis. Reference: Genesis 1:27, 2:7, 2:21-23

Mabuti: Matapos likhain ng Diyos ang tao sinabi niya na ito ay mabuti. Ang pagkalikha sa tao ay nakapagbigay kasiyahan sa Diyos.

Tama: Huwag pulaan ang iba base sa kanilang hitsura.

#### B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa paglikha ng Diyos.

#### C. Bible story: **Pagkalikha ng Diyos sa tao. (Genesis 1:26-31)**

Nang dumating ang ika-anim na araw, matapos likhain ng Diyos ang araw at gabi, ang kalangitan, ang karagatan at ang lupa, ang mga puno at mga halaman, tapos ang araw, buwan at mga bituin, ang iba't-ibang uri ng mga isda, ang mga iba't-ibang uri ng malalaki at maliliit na hayop, sinabi ng Diyos, "*Ngayon likhain natin ang tao. Gawin natin siyang kalarawan natin at hayaan natin ang tao ang siyang mamahala sa mga isda, mga ibon, lahat ng mga hayop at sa buong mundo.*"

Kumuha ang Diyos ng alikabok sa lupa at hinubog niya ang isang tao. Ito ay hiningahan ng Diyos sa ilong at ito ay nagkabuhay. Inilagay ng Diyos ang Tao sa hardin para ito ay alagaan at trabahuhin ng Tao. Pagkatapos ay sinabi ng Diyos na hindi mainam na mag-isa ang tao. Kaya

pinatulog niya ng mahimbing ang lalaki. At habang natutulog ang lalaki, kinuha ng Diyos ang isang tadyang nito at mula doon ay hinubog niya ang isang babae. At dito nagsimula ang lalaki at babae - sina Adan at Eba. Ang Diyos ang lumikha sa tao. At sinabi ng Diyos na ang Kanyang ginawa ay mabuti.

Tanungin ang mga bata:

1. Sino ang lumikha sa tao?
2. Mula saan nilikha ng Diyos ang tao?
3. Kaninong kalarawan nilikha ng Diyos ang tao?
4. Ano ang papamahalaan ng tao?
5. Ano ang sinabi ng Diyos matapos Niyang likhain ang tao? (Ang ginawa ng Diyos ay mabuti dahil ito ay nagbigay kasiyahan sa kanya. Ang Diyos ang lumikha sa tao.)

D. Familiar Story

Kagagaling lang ni Luis sa eskwelahan. Nagmamadali siyang pumasok sa bahay nila at humalik sa kanyang nanay. Napansin ng ina na namumula ang kanyang mata na mukhang kagagaling lang sa pag-iyak. *“Bakit namumugto ang iyong mata, umiyak ka ba?”* ang tanong ng kanyang nanay. *“Nay, nanggaling pala tayo sa unggoy!”* *“Ano? At saan mo naman natutuhan iyan?”* tanong ni nanay sa anak. *“Sabi po ng teacher namin.*

*Pinakita niya pa nga iyong litrato kung papaano naging tao ang unggoy. Pagkatapos po niloko ako ng mga kaklase ko na mukha daw akong unggoy dahil makapal ang buhok ko”* sagot naman ni Luis. *“Tayo ay nilikha ng Diyos. Iyan ang sinabi sa bibliya na salita ng Diyos. Hindi maaaring magsinungaling ang Diyos. Pag sinabi ng Diyos, siguradong ito ay totoo.”* paliwanag ni nanay kay Luis.

Binuksan ni nanay ang bibliya at binasa kay Luis ang mga talatang nagsasabi na ang tao ay ginawa ng Diyos. *“Ah, ganoon po pala.”* *Nay, puwede ko ba sabihin kay teacher na tayo ay hindi nanggaling sa unggoy dahil ang Diyos ang lumikha sa atin?”* tanong ni Luis sa nanay. *“Puwede anak. Sabihin mo sa kanya na tayo ay nilikha ng Diyos. Kaya hindi mo rin dapat pansinin ang panunukso ng iyong mga kaklase. Ikaw din, hindi mo dapat tutuksihin o pagtatawanan ang ibang bata ng dahil sa kanilang hitsura”* sabi ni nanay. *“Salamat nanay.”* sagot naman ni Luis.

F. Gabay ng Buhay — Muling balikan ang paglikha ng Diyos sa tao.

- Bigyang diin na ang Diyos ang lumikha sa tao at kung ano ang gawain nila

### **Aralin 9 Mahal Ako ng Diyos**

Totoo: Si Jesus ay naparito upang hanapin at iligtas ang mga nawawala.

Reference: Luke 15:3-7, 19:10

Mabuti: Nagbibigay kasiyahan sa Diyos ang pagkahanap ng Kanyang nawawalang tupa.

Tama: Matutong makinig at sumunod sa magulang sapagkat sila ay ginagamit ng Diyos upang ipadama sa atin ang Kanyang pag-ibig.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pag-ibig ng Diyos

C. Bible story: **Ang Talinhaga ng Nawawalang Tupa (Luke 15:3-7)**

Si Jesus ay hindi lang nagpapagaling ng mga bulag, mahilig din Siyang magkuwento. Sa tuwing nagkukuwento siya, maraming tao ang nakikinig sa kanya. Minsan Siya ay nagkuwento,

“May isang pastol na may isandaang tupa at nawala ang isa. Iniwang Niya ang siyamnapu’t siyam na tupa para hanapin yung isang nawawala, at kapag nakita niya ang tupang nawawala siya ay magiging masaya at ang tupa ay papasanin niya pauwi. Pagdating sa kanyang bahay tatawagin niya ang kanyang mga kaibigan at kapitbahay at sasabihing, “makipagsaya kayo sa

akin dahil sa wakas nakita ko na ang tupa kong nawawala.”

Tayo ay parang mga tupa. Pag tayo ay gumawa ng kasalanan, para tayong isang tupang nawawala. Kaya pag nawala tayo, hinahanap tayo ng Diyos kasi mahal niya tayo. At pag tayo ay humingi ng kapatawaran kay Jesus sa kasalanan na nagawa natin, siya ay natutuwa.”

Tanungin ang mga bata:

1. Alam niyo ba ang ibig sabihin ng pastol?
2. Alam niyo ba kung ano ang tupa?
3. Ilan ang alagang tupa ng pastol? Ilan naman ang nawala?
4. Anong ginawa ng pastol?
5. Kanino tayo hinahalintulad ni Jesus? (Tama sa isang tupa. Sa tuwing gumagawa tayo ng kasalanan para tayong tupa na naliligaw. Hindi tayo hahayaan ng Diyos na mawala sakanya dahil mahal niya tayo.)

#### D. Familiar Story

Si John ay isang batang katulad niyo rin. Siya ay laging sumasama saan man magpunta si nanay. Bago sila umalis ng bahay laging pinaaalalahanan ni nanay si John na huwag lalayo sa kanya dahil ayaw niyang mawala ang anak.

Isang araw sa palengke habang bumibili si nanay ng gulay at nakikipag-usap sa tindera, napaligon si John sa isang tindahan ng mga laruan. Nilapitan niya ang mga laruan at tuwang-tuwa niyang hinawakan ang mga laruang nakikita niya. Hindi niya namalayan na si nanay ay natapos na sa pamimili ng gulay. *“Halika na John,”* sabi ni nanay.

Dahil marami na siyang dalahin, hindi niya napansin na si John ay wala na sa tabi niya at hindi sumunod sa kanyang paglalakad. Nang sasakay na siya sa tricycle, wala pala ang anak sa likod niya. *“Ay! Nasaan na ang aking anak? Naku mama, sandali lang at wala pala dito ang aking anak.”* sabi ni nanay sa driver ng tricycle.

Dali-daling tumakbo papasok sa palengke si nanay. Habang si John ay umiiyak at naghahanap sa kanyang ina, may isang tindera na nakapansin sa kanya. Kinausap niya si John *“Bakit ka umiiyak boy? Nawawala ka ba?”* Tumango-tango lang ang bata. *“Halika, dadalhin kita sa pulis at hihingi tayo ng tulong sa kanila.”* sabi ng tindera.

Habang naglalakad sila patungo sa pulis, napansin ng tindera ang isang babaeng nagmamdaling sumalubong sa kanila. Pagkatapos ay sumigaw na, *“John!”*. At si John ay bumitiw sa pagkakahawak sa tindera at tumakbo papalapit sa kanyang ina. Mahigpit silang nagyakap at nagpasalamat sa tindera.

#### F. Gabay ng Buhay — Muling balikan ang parable.

- Bigyang diin na mahal tayo ng Diyos at hindi Niya tayo hahayaang mawalay sa kanya.

#### G. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Isa sa mga paraan na mabibigyang kasiyahan natin ang Diyos ay ang pangangalaga ng pangangatawan na kanyang pinagkaloob.

- Pagsisipilyo gamit ang toothbrush at toothpaste.
- Kahalagahan—upang maiwasan ang pagkasira ng mga ngipin at upang maiwasan ang pagkakaroon ng mabahong hininga.
- Kailan dapat gawin—paggising sa umaga, pagkatapos kumain, lalo na kung kumain ng matatamis katulad ng mga candies at chocolates.
- Tamang paraan:
  - Lagyan ng toothpaste ang toothbrush.
  - Para sa ngipin sa harap, linisin ito ng pataas-baba.

Para sa ngipin sa loob, i-brush ng pataas-baba at pa-ikot.  
Sipilyuhin din ang dila.  
Magmumog ng mabuti ng tubig.

- Mga Paalala:

Tama dapat ang laki ng toothbrush para maabot ang lahat ng ngipin.  
Magpalit ng toothbrush tuwing ikatlong buwan o kung kinakailangan.  
Bumisita sa dentista ng 2 beses sa isang taon.

### **Aralin 10 Ako ay Magpupuri sa Diyos**

Totoo: Ang Diyos ay dakila at makapangyarihan. Siya ay karapat-dapat purihin.

Reference: Psalm 145:3, Mark 4:35-41

Mabuti: Magpuri sa Diyos sa Kanyang kapangyarihan.

Tama: Purihin ang Diyos sa pamamagitan ng awit o kaya'y pananalangin. Gawin ito sa pamamagitan ng pagbanggit ng Kanyang mga katangian.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagbanggit ng mga katangian ng Diyos.

C. Bible story: **Pinatigil ni Jesus ang Unos (Mark 4:35-41)**

Isang gabi, nang matapos magturo ni Jesus, sinabi Niya sa mga alagad, *“Tumawid tayo sa kabila ng dagat.”* Kaya iniwan nila ang mga tao at sumakay sa bangka kung saan nakasakay si Jesus. May kasabay pa silang ibang mga bangka.

Dumating ang malakas na ulan. Humampas ang malaking alon sa bangka at halos mapuno ito ng tubig. Si Jesus ay nakahiga sa may hulihan ng bangka at natutulog. Ginising Siya ng mga alagad.

Sabi nila, *“Guro, hindi ba kayo nag-aalala? Lulubog na tayo.”* bumangon si Jesus at inutusan ang hangin at alon, *“Tigil. Tumahimik ka!”* Tumigil ang hangin at tumahimik ang dagat. Pagkatapos ay tinanong ni Jesus ang kanyang mga alagad, *“Bakit kayo natatakot? Wala pa ba kayong pananampalataya?”* Nakaramdam sila ng matinding takot at nagtanong sa isa't-isa, *“Sino nga ba ito? Kahit ang hangin at dagat ay sinusunod Siya!”*

Tanungin ang mga bata:

1. Saan papunta si Jesus at ang mga disipulo?
2. Anong nangyari habang sila ay nasa dagat?
3. Anong ginawa ni Jesus sa alon, hangin at ulan?
4. Anong katangian ni Jesus ang makikita natin sa kuwento? (Makapangyarihan talaga si Jesus. Kaya Niyang patigilin ang hangin sa Kanyang salita lamang.)

D. Familiar Story

Si Micah na 5 taong gulang na bata ay napakahusay sa paaralan. Palagi siyang nakakatanggap ng medal dahil sa galing niya sa pag-aaral kaya't lahat ng mga guro at kakalase niya ay pinupuri siya.

Minsan isang magulang ng kanyang kklase ang lumapit sa kanya at pinuri siya nito sa kanyang angking galing at napangiti si Micah. Napuna ng nanay niya ang kanyang reaction kaya't pinaalalahanan ang anak pagdating sa bahay *“Anak alam mo ba kung sino ang nagbigay sa iyo ng iyong angking talino sa pag-aaral?”* tanong ng ina. *“Opo nanay lahat ng talento at kakayanan ko ay bigay ng Diyos”* ang nakangiting sagot ni Micah. *“Tama anak, kaya dapat lagi mong bigyang papuri ang Diyos sa Kanyang kabutihan sa iyo”.* *“Inay paano ko po pupurihin ang Diyos eh hindi ko naman Siya nakikita?”* ang tanong ni Micah.

Sinabi ng nanay ni Micah na maaari niyang purihin ang Diyos sa pamamagitan ng pag-awit ng

mga papuring awit patungkol sa Diyos at sa pamamagitan ng panalangin. *“Wow, inay turuan mo po ako ng awit at kung ano ang sasabihin ko sa panalangin ko para makapagbigay papuri*

F. Gabay ng Buhay — Muling balikan ang kuwento.

- Bigyang diin na ang Diyos ay makapangyarihan at karapat-dapat purihin.

### **Aralin 11 Ako ay Magpapasalamat sa Diyos**

Totoo: Pasalamatan ang Panginoon, tumawag sa Kanyang pangalan; ipabatid sa gitna ng mga bansa ang mga bagay na kanyang ginawa. Reference: Psalm 105:1

Mabuti: Magpapasalamat sa Diyos sa lahat ng mga pagpapala.

Tama: Magpapasalamat sa lahat ng biyayang natanggap sa araw na nagdaan sa pamamagitan ng panalangin. Mag-pasalamat sa taong nagbigay ng tulong o ginamit ng Diyos na maging daluyan ng pagpapala.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa kabutihan ng Diyos.

C. Bible story: **Sampung Pinagaling sa Ketong (Luke 17:11-16)**

Habang si Jesus ay naglalakbay papunta sa Jerusalem sinalubong siya ng 10 tao na may ketong pag pasok Niya sa isang nayon.

Tumigil sila at sumigaw *“Jesus, Panginoon, maawa po Kayo sa amin!”* Narinig at nakita sila ni Jesus kaya’t pinalapit niya ang sampu at sinabing, *“Lumakad kayo at pakita sa mga saserdote.”*

Habang naglalakad sila papunta doon ay gumaling ang kanilang sakit. Ang isa sa sampung may ketong na gumaling ay bumalik kay Jesus, sumisigaw na nagpupuri sa Kanya. Siya ay lumuhod at yumuko sa paanan ni Jesus puno ng pasasalamat sa Kanyang ginawa.

Tanungin ang mga bata:

1. Saan papunta si Jesus?
2. Sino ang sumalubong sa kanya pagpasok Niya sa isang nayon?
3. Ano ang nangyari sa 10 may ketong matapos nilang sundin ang sinabi ni Jesus?
4. Ano ang ginawa ng isa sa kanila matapos niyang mapansin na siya ay gumaling? (Tama, nagpasalamat siya. Ganoon din tayo, dapat matuto tayong magpa-salamat sa kabutihan ng Diyos.)

D. Familiar Story

Gutom na gutom na si Julie pagdating niya sa bahay kaya siya ay nanghingi ng tinapay sa nanay niya. *“Nay pahingi po ng tinapay. Gutom na gutom na ako.”* Sabi ni Julie sa nanay.

*“Oo, eto na ang tinapay mo,”* sagot ni nanay. Kinuha ni Julie ang tinapay at nagmamadali siyang kainin ito hanggang sa maubos. *“Nay, gutom pa ako. Pahingi pang tinapay,”* nagma-makaawang sabi ni Julie.

*“Anak wala ka bang nakakalimutan? Hindi ba dapat na magpapasalamat ka sa pagkain na natanggap mo?”* sabi ng nanay sa anak. *“Eh, bakit po ako magpapasalamat?”* tanong ni Julie sa nanay. *“Anak, dapat matuto kang magpapasalamat. Kung meron mang nagbibigay sa iyo, maging pagkain man ito o kaya’y tulong sa ano mang bagay, huwag mong kakalimutan magpapasalamat. Ito ay dapat mong sinasabi. Unang-una pasasalamatan mo ang Diyos sa iyong pagkain o tulong. Pagkatapos ay magpapasalamat ka sa taong nagbigay sa iyo ng pagkain o tulong na iyon.”* Pagpapaliwanag ng nanay kay Julie.

*“Ah ganun po pala ang dapat kong ginagawa. Salamat po Lord sa tinapay at salamat din nanay sa binigay mo sa akin.”* sagot ni Julie. *“Walang anuman anak. Ganyan dapat palagi.”*

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na ang Diyos dapat pasalamatang sa lahat ng pagkakataon.

#### G. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Isa sa mga paraan na mabibigyang kasiyahan natin ang Diyos ay ang pangangalaga ng pangangatawan na kanyang pinagkaloob.

- Pangangalaga sa mga paa.
- Kahalagahan—upang maiwasan ang pagkakasakit.
- Kailan dapat gawin— tuwing matatapos maglaro sa labas, tuwing nadudumihan, pag naglakad sa tubig baha.
- Tamang paraan:
  - Basain ng mabuti ang paa.
  - Gumamit ng sabon sa paglinis at bigyan pansin ang singit ng mga daliri.
  - Gumamit ng nail brush upang maalis ang mga dumi na nakasingit sa mga kuko.
  - Banlawan mabuti ng tubig.

Punasan at tuyuin ng tuwalya bago magsuot ng tsinelas o sapatos.

- Mga Paalala:
  - Palaging magsuot ng tsinelas sa paglalaro o kaya'y sapatos sa tuwing umaalis.
  - Huwag maglalaro sa baha o kanal.

### **Aralin 12 Ako ay Hihingi ng Tawad sa Diyos**

Totoo: Kung ipinahahayag natin ang ating kasalanan, tapat Siya at makatarungan; patatawarin niya tayo sa ating mga kasalanan at lalinisin sa lahat ng kalikuan. Reference: 1 John 1:9

Mabuti: Paghingi ng tawad sa Diyos sa mga kasalanan.

Tama: Humingi ng tawad sa Diyos sa mga nagawang kasalanan sa pamamagitan ng panalangin. Humingi ng tawad sa taong nagawan ng kasalanan.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa paghingi ng tawad sa Diyos.

#### C. Bible story: **Ang Talinghaga ng Alibughang Anak (Luke 15:11-24)**

May isang lalaki na may dalawang anak. Isang araw sinabi ng bunso sa kanyang ama "*Tatay ibigay niyo na po ang aking mana*" (ipaliwanag sa mga bata kung ano ang mana).

Kaya hinati ng ama ang kanyang kayamanan at ibinigay sa bunso ang kanyang bahagi. Umalis ang bunsong anak at nagtungo sa lugar malayo sa kanila. Doon ginastos niya lahat ang pera na binigay sa kanya ng kanyang ama hanggang sa ito ay maubos. Dahil sa naubos na ang pera ng bunsong anak, wala na siyang pambili ng pagkain. Pero kailangan niyang kumain, kaya siya ay naghanap ng trabaho. Siya ay namasukan bilang tagapag-alaga ng baboy sa bukid.

Walang ibang tao doon ang nais magbigay sa kanya ng pagkain kaya't kinakain na rin niya ang pagkain ng baboy. Napa-isip ang bunsong anak sa kanyang kalagayan. Napag-isipan niyang bumalik sa kanyang ama, humingi ng tawad at hilingin na muli siyang tanggapin ngunit bilang isang kasambahay. Siya ay umalis at naglakbay pabalik sa tahanan ng ama.

Malayo pa lamang siya ay nakita na siya ng kanyang tatay. Masayang sinalubong ng tatay ang kanyang anak at niyakap ito. Humingi ng tawad ang anak at sinabing kung maaari ay tanggapin siya nito muli ngunit bilang isang katulong at hindi isang anak. Sinabi ng kanyang ama sa mga katulong nito na ikuha ng bihisang ang kanyang anak at maghanda ng pagkain sapagkat sila ay magdidiwang sa pagbabalik ng kanyang nawalang anak.

Tanungin ang mga bata:

1. Ano ang hiningi ng bunsong anak sa kanyang ama?
2. Ano ang ginawa ng bunsong anak sa mana na kanyang nakuha?
3. Bakit napauwi ang anak sa kanyang ama?
4. Ano ang ginawa ng anak ng nakita ang ama?
5. Ano ang ginawa ng ama matapos humingi ng tawad ng anak? (Tama siya ay pinatawad. Gaya ng ama sa kuwento ang, Diyos ay handa ring magpatawad sa lahat ng ating kasalanan basta tayo ay hihingi ng tawad dito.)

#### D. Familiar Story

Sina Derek, Matt at Tim ay naglalaro ng bola. Maraming bata din ang naglalaro sa paligid nila. Sila ay masayang nagpapasahan ng bola. Pag-icha ni Tim ng bola kay Matt, hindi ito nasalo kaya tumama sa pader at tumalbog ang bola sa ulo ng isang batang naglalaro din malapit sa kanila. Nagulat at umiyak ang bata.

*“Hala ka! Tinamaan mo yung bata Matt”* sabi ni Tim.

*“Hindi ako ang nakatama sa kanya, kasi hindi mo sinalo ang bola kaya ikaw ang may kasalanan”* pagtatanggol ni Matt sa sarili.

*“Puntahan natin iyong bata. Sabi ni teacher pag may nagawang mali kailangang mag-sorry”* sabi naman ni Derek.

*“Sige mag-sosorry na ako sa bata”* sabi ni Tim.

Sinamahan nila Derek at Matt si Tim sa umiiyak na bata at, *“Bata, sorry ha. Hindi ko sinasadyang matamaan ka ng bola. Huwag ka nang umiyak.”* pinatigil ni Tim ang bata sa pag-iyak at pinunasan nina Derek at Matt ang luha nito. Tumigil sa pag-iyak ang bata at masaya silang nag-laro muli.

#### F. Gabay na Kaalaman

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na ang Diyos ay handang magpatawad sa ating mga nagagawang kasalanan kung tayo ay lalapit sa kanya upang humingi ng tawad sa pamamagitan ng panalangin.

### **Aralin 13 Ako ay Hihiling sa Diyos**

Totoo: Humiling sa Diyos at tayo ay bibigyan. Reference: Matthew 7:7-8

Mabuti: Humiling ng may pagtitiwala sa Diyos.

Tama: Ipanalangin sa Diyos ang lahat ng inyong kahilingan at pangangailangan.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa kabutihan ng Diyos.

#### C. Bible story: **Humingi ng Karunungan si Solomon (2 Chronicles 1:1-13)**

Si Solomon ay bata pa nang siya ay maging hari bilang kapalit sa kanyang ama na si David. Isang gabi habang siya ay natutulog ay nagpakita sa kanya ang Panginoong Diyos. Sinabi sa kanya ng Diyos *“Hingin mo ang kahit anong gusto mo at ibibigay ko ito sa iyo”*.

Sumagot si Solomon, *“Naging tapat kayo sa aking amang si David. Kahit bata pa ako ay ginawa Ninyo akong hari bilang kapalit niya. Hindi ko alam kung paano gagawin ang gawain ko kaya’t bigyan Ninyo ako ng katalinuhan sa pamamahala sa iyong bayan at para malaman ko ang mabuti at masama”*.

Natuwa ang Panginoon sa kahilingan ni Solomon. Kaya sinabi ng Diyos *“Dahil ito ang hiningi mo ay karunungan at hindi mahabang buhay, kayamanan o kamatayan ng kaaway, mo ibibigay ko sa iyo ang hinihingi mo”*. Ipinag-kaloob ng Diyos ang kanyang hiningi at kahit ang iba pang bagay na hindi niya hiningi basta siya ay patuloy na susunod sa mga kautusan at tuntunin ng Diyos. Si

Solomon ang naging pinakamatalino sa lahat ng mga hari.

Tanungin ang mga bata:

1. Sino ang napakabatang hari sa kuwento?
2. Ano ang hiniling ni Solomon sa Diyos?
3. Bakit siya humiling ng katalinuhan?
4. Ano ang naging sagot ng Diyos sa hiling ni Solomon?(Tama pinagkaloob ng Diyos ang kanyang kahilingan. Tayo rin ay maaaring humiling ng talino sa Diyos. Maaari rin tayong humiling ng ibang bagay na tunay nating kailangan basta tayo ay magtitiwala na tutugunin Niya ito. Humiling sa Diyos sa pamamagitan ng pananalangin.)

D. Familiar Story

Si Mila ay isang mabait at masunuring anak. Masipag siyang mag-aaral. Hindi niya kinakalimutan gawin ang kanyang mga homework at palaging nakikinig sa kanyang teacher. Kaya naman sa kanyang pagiging masakap ay mataas ang kanyang marka. Isang araw ay napili si Mila na lumaban sa isang quiz bee. Araw-araw siyang nag-aaral. Sa tuwing bago siya mag-aral ay palagi siyang nagdadasal upang hilingin sa Diyos na tulungan siyang maunawaan at matandaan ang kanyang pinag-aaralan.

Nang dumating ang araw ng quiz bee bago magsimula nagdasal si Mila at muling humiling sa Diyos, “Panginoon tulungan Ninyo ako sa araw na ito. Bigyan Mo po ako ng sapat na talino at tulungan maalala ang lahat ng aking napag-aralan. Amen.” Sa buong oras ng quiz bee ay naging madali kay Mila na sagutin ang lahat ng tanong. Alam niya na sinagot ng Diyos ang kanyang panalangin kaya’t siya ay nagkamit ng unang gantimpala.

F. Gabay ng Buhay — Muling balikan ang kuwento

- Bigyang diin na maaari tayong humiling sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin.

G. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Isa sa mga paraan na mabibigyang kasiyahan natin ang Diyos ay ang pangangalaga ng pangangatawan na kanyang pinagkaloob.

- Tamang pagkain.
- Grain Group o kanin—tumutulong ito sa mga bata upang maging malakas.
- Fruit and Vegetable Group—tumutulong ito upang maging makintab ang buhok, makinis ang balat at malinaw ang mata
- Dairy meat Group—tumutulong sa mga bata upang sila ay maging masigla maghapon sa pagtakbo, pagtalon at sa paglalaro.
- Fats, oil, and sweets Group—huwag masyadong ipakain sa mga bata sapagkat wala masyadong sustansyang makukuha dito.

#### **Aralin 14 Mamahalin Ko ang Diyos at ang Aking Kapwa**

Totoo: Mahalin ang Diyos ng buong puso, kaluluwa at pag-iisip. Mahalin ang kapwa gaya ng sarili.

Reference: Matteo 22:37-39

Mabuti: Mahalin ang kapwa dahil mahal mo ang Diyos.

Tama: Ipakita ang pagmamahal sa kapwa sa pamamagitan ng pagtulong sa nangangailangan.

B. Motivation—Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pag-ibig ng Diyos.

C. Bible story: **Ang Talinghaga Ukol sa Mabuting Samaritano (Luke 10:25-37)**

Nagkuwento si Jesus: *“May isang lalaking naglalakbay. Sa kanyang lakbayin ay may*



*nakasalubong siyang mga magnanakaw. Siya ay ninakawan at binugbog tapos iniwang nakahiga sa kalye na parang wala ng buhay. Nagkataong may napadaang isang pari. Nang makita niya ang lalaki sa kalye hindi niya ito pinansin at lumihis ng daan.*

*Sumunod ay may napadaan na Levita na ganoon din ang ginawa gaya ng sa pari. May isang Samaritanong naglalakbay na nakakita sa lalaki at naawa dito. Nilapitan niya ito at tinulungan. Ginamot niya ang mga sugat ng lalaki at hinanapan ng bahay-panuluyan upang maalagaan.*

*Kinabukasan bago siya umalis sa panuluyan ay binilin niya ang lalaking may sakit sa may-ari upang ito ay alagaan. Siya ay kanyang binayaran at sinabi na kung ito ay kulang pa siya ay babalik upang bayaran ang kakulangan”.*

Tanungin ang mga bata:

1. Ano ang nangyari sa lalaking naglalakbay?
2. Ano ang ginawa nung unang tao na nakakita sa kanya?
3. Ano ang ginawa nung ikalawang tao na nakakita sa kanya?
4. Ano ang ginawa nung ikatlong tao na nakakita sa kanya?
5. Sino sa kanilang tatlo ang nagpakita ng pagmamahal sa kapwa? (Tama, yung pangatlong tao ang tumulong sa taong nangangailangan dahil nilapitan niya ito tapos dinala pa sa isang bahay para magamot.

#### D. Familiar Story

Si Carlos ay isang mabait at matulungin na bata. Isang araw sa Sunday school tinuruan sila ng kanilang teacher na dapat ay marunong sila magmamahal ng kanilang kapwa. Dahil dito nag-isip si Carlos ng mga paraan kung paano niya maipapakita ang kanyang pag-ibig sa kanyang magulang, kapatid at kaibigan.

Sa tuwing nasa bahay si Carlos palagi niyang tinutulungan sa gawaing bahay ang kanyang nanay. Mabilis siyang sumusunod ng walang pag-angal sa lahat ng utos ni tatay. Sa tuwing nagpapatulong ang kanyang kapatid na si Marga sa kanyang assignment ay matiyaga niya itong tinutulungan.

Maging sa mga kaibigan niya ay handa siyang tumulong at hindi siya nakikisali sa pakikipag-away kundi tumutulong pa siya para mapag-bati ang mga ito.

Napansin ito ng kanyang kapatid na si Marga kaya't nagtanong ito: *“Kuya bakit mo ginagawa ang lahat ng ito?”*. Sumagot si Carlos *“Natutunan ko kasi sa Sunday school na sinabi ni Jesus dapat mahal natin ang ating kapwa at ito ang ilang paraan na naisip ko upang mapakita na mahal ko sila”*. *“Ah dapat pala gawin ko rin yan upang mapakita ko na mahal ko rin ang kapwa ko dahil yun ang tinuro ni Jesus”* ang sabi ni Marga. *“Tama yan ang dapat mong gawin”* sagot naman ni Carlos.

#### F. Gabay ng Buhay — Muling balikan ang kuwento.

- Bigyang diin na kung mahal natin ang Diyos ay dapat mahal natin ang ating kapwa. Kung mahal natin ang ating kapwa dapat ipakita natin ito sa kanila sa pamamagitan ng pagtulung.

### **Aralin 15 Ang Aming Bahay ay Kasama sa Aming Barangay**

Totoo: Ang lupa at mga halaman na nilikha ng Diyos ay dapat pagyamanin.

Reference: Genesis 1: 9-13

Mabuti: Panatilihing malinis ang kapaligiran dahil ito ay mag-bibigay kasiyahan sa Diyos.

Tama: Linisin at ayusin ang kapaligiran sa pamamagitan ng pagwawalis at hindi pagkakalat.

B. Motivation — Tanungin sa mga bata kung naalala nila ang kuwento patungkol sa paglikha ng sanlibutan. Isa-isahin ang bawat araw at alamin kung kaya nilang mabanggit ang nilikha sa araw na iyon. Sabihin sa kanila na pagtutuunan ng pansin ang nilikha ng Diyos nang ikatlong araw.

C. Bible story: **Pangatlong araw ng pagkalikha (Genesis 1:9-13)**

Sa pangatlong araw ng paglikha ng Diyos, sinabi Niyang magkaroon sa lupa ng lahat ng uri ng halamang namumunga at mga iba't-ibang uri ng mga punong-kahoy na nagbubunga ng sari-saring prutas. At sinabi din ng Diyos na ang mga bunga ng mga punong ito ay maaaring kainin ng tao.

Ang mga berdeng halaman ay para sa lahat ng uri ng malalaki at maliliit na mga hayop na gumagapang sa lupa at sa mga ibong lumilipad sa himpapawid.

Ang Hardin ng Eden ang siyang magiging modelo ng tao upang bigyan niya ng porma ang lupang walang porma. Ang kalooban ng Diyos ay pagyamanin ng tao ang lupa sa pamamagitan ng pagtatanim.

Tanungin ang mga bata:

1. Ano ang makukuha natin sa mga halaman na nilikha ng Diyos? (Pagkain at hangin na malinis)
2. Ang mga halaman ang nagpapaganda ng paligid. Sino ang may mga halaman sa paligid ng bahay? (Hintayin ang mga magtataas ng kamay.)
3. Paano natin matutularan ang kagandahan ng Harding Eden? (Kung tayo'y magtatanim at maglilinis ng ating paligid maaari nating mapaganda ang ating paligid gaya ng hardin.)

D. Familiar Story

Matapos mag-agahan nina Lanie at Adrian, nagpaalam sila kay nanay Hilda na maglalaro sa kanilang bakuran. Dumating na rin si Jenny na kanilang kalaro na maraming dala-dalang kendi at chichirya.

Makatapos maglinis ng bahay, lumabas si Aling Hilda upang magdilig sa bakuran. Laking gulat niya nang datnan ito na maraming balat ng kendi at chichirya. Napasigaw si Aling Hilda nang makita ito. (Tinawag niya ang mga anak.)

Aling Hilda: "*Lanie! Adrian! Pumarito kayo! Ang laki naman ata ng basurahan ninyo! Tingnan ninyo ang inyong ginawa! Tama ba yan?*"

Mga bata: "*Hindi po.*"

Jenny: "*Sorry po Aling Hilda. Pupilutin po namin ang mga kalat na ito at itatapon sa tamang lagayan. Hindi na po kami magtatapon ng basura kung saan-saan.*"

Aling Hilda: "*Mabuti kung ganoon dahil kailangan maging mabuting halimbawa tayo dito sa ating mga kabarangay.*"

F. Gabay ng Buhay — Muling balikan ang kuwento.

- Bigyang diin na dapat tularan ang kagandahan at kalinisan ng hardin ng Eden. Magagawa ito kung ang bawat isa ay magtatanim o mag-aalaga ng halaman sa kanilang bahay.

G. Preventive Health Care - Uminom ng 8 baso ng tubig araw-araw.

1. Tumutulong ito sa pagtunaw ng ating pagkain.
2. Ang katawan ay binubuo ng 60-70% liquid. Ang tubig ay tumutulong upang maisagawa ng ating mga organs ang kanilang gawain ng mahusay.
3. Nakakatulong sa pagpapanatili ng kagandahan ng balat at buhok.
4. Nakakalinis at nakakatanggal ng mga dumi sa loob ng katawan.

### **Aralin 16 Mamahalin ko ang Aking Bayan**

Totoo: Walang pag-ibig na higit pang dakila kaysa rito, na ialay ng isang tao ang kanyang buhay para

sa sa kanyang mga kaibigan. Reference: John 15:13

Mabuti: Mahalin ang sariling bayan.

Tama: Ipakita ang pag-ibig sa bayan sa pamamagitan ng pagtigil sa tuwing tinataas ang watawat ng Pilipinas at pag-awit ng Lupang Hinirang sa tuwing naririnig ito.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pag-ibig sa kapwa.

C. Bible story: **Buhay ni Jeremias (Jeremiah 11:1-39:15)**

Si Jeremias ay isang lalaking may pusong maawain at may labis na pagmamahal sa kanyang mga kababayan. Sa loob ng mahabang panahon, lagi niyang pinapaalalahanan ang kanyang mga kababayan na sambahin lamang ang Diyos at umiwas sa paggawa ng kasalanan sapagkat kung hindi sila susunod, sila ay mapapahamak. At dahil nga sa pagsuway ng kanyang mga kababayan sa utos ng Diyos, sinakop ng Babylon ang Jerusalem. Mahirap para kay Jeremias na sabihin sa kanila ang mga epekto ng kanilang maling gawain pero kailangang malaman ito ng kanyang mga kababayan dahil iyon ang utos sa kanya ng Diyos.

Maraming paghihirap ang dinadanas ni Jeremias dahil maraming nagagalit sa kanya. Minsan ay inilagay siya sa balon ng ilang opisyal ni Haring Zedekiah dahil sa kanyang mga sinasabi tungkol sa mga mangyayari sa kanyang mga kababayan. Nagsumbong si Ebed-Melech sa hari. Inutusan ni Haring Zedekiah si Ebed-Melech na magsama ng 30 tao upang hilahin pataas si Jeremias mula sa malalim na balon.

Maraming dinanas na pagtitiis si Jeremias dahil sa pagsunod niya sa Diyos. Ngunit nananatili pa rin siyang tapat sa kanyang paglilingkod sa Diyos at pagtupad ng kanyang tungkulin sa kanyang bayan.

Tanungin ang mga bata:

“Sino ang lalaki sa kuwento na may labis na pagmamahal sa kanyang kababayan?”

“Paano pinakita ni Jeremias ang pag-ibig niya sa kanyang mga kababayan?” (Tama, patuloy at walang sawa niyang pinaaalalahanan ang kanyang mga kababayan na mamuhay ng ayon sa utos ng Diyos dahil ayaw niya silang mapahamak.)

D. Familiar Story

Tinanghali ng gising ang magkapatid na sina Francis at Khate. Pagdating sa paaralan ay naabutan na nila na nagsisimula nang itaas ang watawat at inaawit na ang pambansang awit. Agad na huminto si Khate at nagbigay galang sa watawat. Samantalang si Francis ay walang pakialam at dire-diretso sa paglalakad. Matapos ang Flag Ceremony ay nilapitan siya ni Teacher Jam.

Teacher Jam: “*Magandang umaga Francis. May sasabihin lang ako sa iyo.*”

Francis: “*Magandang umaga din po Teacher Jam. Ano po iyon?*”

Teacher Jam: “*Sa susunod, pag itinataas na ang watawat at inaawit ang pambansang awit, kailangang tumigil ka muna bilang pagbibigay galang sa ating bandila. Mali ang ipinakita mong pag-uugali kanina.*”

Francis: “*Sorry po Teacher Jam.*”

Teacher Jam: “*Lagi mong iisipin na kahit bata pa ay maaari nang maging mabuting halimbawa sa iba.*”

Francis: “*Opo.*”

Teacher Jam: “*Sige, huwag mong kalimutan ang sinabi ko sa iyo.*”

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang kuwento.

- Bigyang diin na kung mahal mo ang iyong kababayan halimbawa ang kapitbahay o kalaro ay lagi mo itong papaalalahanan kung siya ay gumagawa ng mali.

### **Aralin 17 Ang Namumuno sa Aming Barangay ay si Kapitan**

Totoo: Magpasakop sa mga pinuno. Reference: Romans 13:1-2

Mabuti: Pagsunod sa utos ng pinuno.

Tama: Pagsunod sa pinagutos ng kapitan o kung sino man ang namumuno sa komunidad.

B. Motivation — Tanungin sa mga bata kung naalala nila ang kuwento patungkol sa paglikha ng sanlibutan. Isa-isahin ang bawat araw at alamin kung kaya nilang mabanggit ang nilikha sa araw na iyon. Sabihin sa kanila na pagtutuunan ng pansin ang nilikha ng Diyos nang ikatlong araw.

#### **C. Bible story: Si Joshua (Joshua)**

Si Joshua ay isang magiting na leader ng mga Israelita. Siya ay may takot sa Diyos, nagtitiwala at sumusunod ng lubusan sa lahat ng inuutos ng Diyos. Kaya naman siya ay pinagpapala at nagtatagumpay sa lahat ng kanyang ginagawa.

Ang pag-uugali ni Joshua ay nakikita ng kanyang mga tauhan kaya naman siya ay nagiging magandang halimbawa sa kanila. Lahat ng inuutos ni Joshua ay kanilang sinusunod. Sila ay nagtitiwala at napapasakop sa kanyang awtoridad bilang leader. Si Joshua ay kahanga-hanga at magaling na leader.

Tanungin ang mga bata:

1. Sino ang magaling na leader ng mga Israelita?
2. Ano ang mga katangian ni Joshua kaya siya ay naging isang mabuting leader?
3. Bakit sinusunod ng mga tauhan si Joshua? (Tama, dahil si Joshua ay magaling na leader. Siya ay magaling sapagkat sinusunod niya ang lahat ng inutos ng Diyos at nagtitiwala siya dito.)

#### **D. Familiar Story**

Matapos ang malalakas na ulan, nagpasimuno si Barangay Captain Junie ng “operation linis at operation tulong.” Karamihan ay nag-kaisa, kabilang na ang mag-anak ni Mang Jose.

Jomar: “*Tay, di po ba si Kap Junie iyon?*”

Mang Jose: “*Oo anak, si Kapt nga iyon. Bakit mo naman naitanong?*”

Jomar: “*Eh kasi po naglilinis din siya. Bakit hindi nalang po niya iutos sa mga tauhan niya ang paglilinis tatal kapitan naman siya? Iyong dating kapitan natin ay ganoon ang ginagawa.*”

Mang Jose: “*Mas gusto niyang sa kanya magsimula ang paggawa upang tularan siya ng mga tauhan at mga tao sa kanyang nasasakupang barangay. Siya ay huwarang pinuno.*”

Jomar: “*Alam niyo po ‘tay, paglaki ko gusto ko rin pong maging Kapitan ng ating Barangay tulad ng ating Kapitan.*”

Mang Jose: “*Magandang hangarin iyan anak. Pero kahit bata ka palang, maaari ka nang maging modelo sa kapwa mo bata.*”

Jomar: “*Opo, ‘tay, ako po ang magdidilig mamaya ng mga halaman niyo.*”

Mang Jose: “*Iyan ang mabait na bata. Hindi na kailangan utusan.*”

F. Gabay ng Buhay — Muling balikan ang kuwento.

- Bigyang diin na ang isang magaling na leader ay may takot sa Diyos. Sinusunod ang kanyang kautusan at nagiging mabuting ehemplo sa ibang tao.

#### **G. Preventive Health Care**

Tayo ay nilikha ng Diyos. Isa sa mga paraan na mabibigyang kasiyahan natin ang Diyos ay ang

pangangalaga ng pangangatawan na kanyang pinagkaloob.

Mga paraan upang maiwasan ang iba't-ibang uri ng sakit:

1. Linisin ang loob at labas ng bahay araw-araw.
2. Iwasan magkaroon ng mga lalagyan o lugar sa bakuran na maaaring pamahayan ng lamok upang makaiwas sa dengue.
3. Ang mga basura ay dapat paghiwa-hiwalayin.  
Ibukod ang mga bote o lata sa isang lalagyan.  
Ibukod ang mga papel sa isang lalagyan  
Ibukod ang mga basurang nabubulok sa isang lalagyan.
4. Lagyan ng takip ang nabubulok na basura upang hindi makahikayat ng mga langaw na may dalang germs.

### **Aralin 18 Ang Kalikasan ay Nilikha ng Diyos**

Totoo: Ang pangangalaga, pagpaparami at pagpapalago ng lahat ng nilikha ng Diyos ay ipinagkatiwala na Niya sa tao.

Mabuti: Papahalagahan ang lahat ng nilikha ng Diyos.

Tama: Alagaan ang mga nilikha ng Diyos. Huwag mananakit ng hayop at huwag basta-bastang pipitas ng halaman o kaya ay basta-basta tatapakan ang mga ito.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa paglikha ng Diyos

C. Bible story: **Paglikha ng Diyos sa Sanlibutan. (Genesis 1&2)**

Sa simula, sinabi ng Diyos, “Magkaroon ng Liwanag!” at nagkaroon nga. Nasiyahan ang Diyos ng ito’y Kanyang mamasdan. Nilikha din niya ang araw, buwan at ang mga bituin upang mabukod ang araw at ang gabi.

Pagkatapos, nilikha naman ng Diyos ang kalangitan, mga lupain at karagatan. Nilikha niya ang lahat ng uri ng halamang nagbubunga at nagbubutil, mga bulaklak at mga puno. Nilikha ng Diyos ang lahat ng ibon sa himpapawid at isda naman sa karagatan. Maging ang lahat ng uri ng hayop sa lupa — maaamo, mailap, malalaki at maliliit.

Nilikha ng Diyos ang lahat ng ito at siya ay lubos na nasiyahan ng mamasdan ang mga ito. Sa huli ay nilalang ng Diyos ang tao ayon sa Kanyang wangis bilang tagapagpamahala ng mga ito. Nais ng Diyos na pangalagaan at pagyamanin ng tao ang lahat ng mga ito.

Ang Diyos ang may likha sa atin at sa lahat ng bagay na nakikita natin sa ating paligid. Kaya dapat nating alagaan, pagyamanin at pahalagahan ang lahat ng bagay na ibinigay Niya sa atin sapagkat ito ay naayon sa Kanyang kalooban at mga ito ay nagbigay ng kasiyahan sa Kanya.

Tanungin ang mga bata:

1. Sino ang may likha sa atin at sa ating kalikasan?
2. Ano-anong mga bagay sa ating kalikasan ang nilikha ng Diyos?
3. Bakit nilikha ng Diyos ang tao? (Tama nilikha ng Diyos ang tao para pangangalagaan ang kalikasan. Ang pangangalaga, pagpaparami at pagpapalago ng lahat ng nilikha ng Diyos ay ipinagkatiwala na niya sa tao.)

D. Familiar Story

Ang araw na ito ay pinakahihintay ng mga mag-aaral mula sa unang baitang sapagkat ngayon ay kanilang field trip. Sila ay naglibot sa isang magandang hardin. Sila ay namangha sa magagandang halaman at makukulay na bulaklak maging sa magagandang tanawin.

Pagkatapos, nagpunta naman sila sa zoo. Libang na libang ang mga bata sa sari saring mga hayop (tulad ng mga ibon, elepante, unggoy at iba pang mailap at malalaking mga hayop). Maya-

maya ay nakaramdam sila ng pagod kaya humanap sila ng mapagpapahingahan.

Habang nakaupo si Teacher Aby, tatlong estudyante nya ang lumapit sa kanya.

Aira: *Titser, ang ganda po ng pinuntahan na garden kanina.*

Francine: *Pati po dito sa zoo, nakakatuwa pong panoorin ang mga hayop.*

Russel: *Oo nga po. Pero titser bakit po sila ikinulong dito sa zoo?*

Teacher Aby: *Kasi, paunti-unti ng nauubos ang mga iyan (endangered species). Dito, mas maaalagaan sila at mababantayan ng husto at muling mapaparami.*

Aira: *Buti nalang po may nagaalaga na sa kanila.*

Teacher Aby: *Kaya, dapat nating alagaan ang ating kalikasan. Ang mga puno, halaman at mga hayop, lahat ng iyan ay bigay ng Diyos. Habang bata, matutunan na nating mahal in ang ating kalikasan.*

Francine: *Opo, hindi na po ako pipitas ng mga bulaklak ni Nanay.*

Russel: *Di ko na din po sasaktan ang mga alagang hayop namin sa bahay.*

#### F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na dapat pangalagaan ng tao ang lahat ng bahagi ng kalikasan sapagkat ito ay ipinagkatiwala ng Diyos sa tao.

### **Aralin 19 Ang Kalikasan ay Nagbibigay Kasiyahan sa Diyos**

Totoo: Lahat ng nilikha ng Diyos ay mabuti.

Reference: Genesis 1&2

Mabuti: Ang pagkalikha ng Diyos sa sanlibutan ay nakapag-bigay kasiyahan sa kanya.

Tama: Panatilihin ang kagandahan ng paligid sa pamamagitan ng pagtanim ng mga halaman.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa paglikha ng Diyos.

#### C. Bible story: **Ang lahat ng nilikha ng Diyos ay mabuti. (Genesis 1&2)**

Sa kasaysayan ng paglikha, sa simula ay sinabi ng Diyos, “Magkaroon ng Liwanag” at nagkaroon nga. At sinabi Niyang ito ay mabuti. Pinagbukod niya ang araw at ang gabi. Ginawa nya ang langit, lupa at karagatan. At sinabi Niyang ito ay mabuti.

Pinasibol sa lupa ang mga halaman, bulaklak at mga puno. Naglagay din Siya ng lahat ng uri ng hayop dito. At sinabi Niyang ito ay mabuti. Pinuno Niya ang karagatan ng lahat ng uri ng mga isda at mga ibon naman sa himpapawid. At nilikha ng Diyos ang tao. Sinabi Niya na ito ay mabuti.

Sa Kanyang paglikha, lubos na nagbigay ng kasiyahan sa Diyos ang mga ito. Ang mabuti ay yaong nagbibigay kasiyahan sa Diyos. Ang kalikasan na Kanyang nilikha ay lubos na nagbibigay kasiyahan sa Diyos.

Inutusan ng Diyos ang tao na alagaan ang lahat ng Kanyang nilikha. Sinabi din Niya na pagyamanin ang lupain. Ibig sabihin tataniman ito ng maraming halaman para magbigay ng pagkain sa tao.

Tanungin ang mga bata:

Ano ang sinasabi ng Diyos sa tuwing matatapos siyang

1. lumikha ng isang bagay?
2. Ano ang mabuti? (Tama, ang mabuti ay yaong nagbibigay kasiyahan sa Diyos.)
3. Ano ang nagbigay kasiyahan sa Diyos? (Ang lahat ng nilikha ng Diyos ay nagbigay kasiyahan sa Diyos.)
4. Ano ang dapat gawin ng tao sa lupain? (tataniman ng maraming halaman)

#### D. Familiar Story

Maagang pumasok si Dennis bitbit ang isang punla ng puno. Ang bawat mag-aaral ay kinakailangang magdala ng halaman para sa pagdiriwang ng "Earth day." Pagdating sa paaralan, abalang-abala na sa pag-aayos ang lahat bago pa man magsimula ang programa. Ang iba'y abala sa paglilinis, pag-aayos ng entablado at mga halaman at puno. Naging maganda, malinis at kaakit-akit ang buong paligid.

Dennis: *Teacher, eto na po ang dala kong punla ng puno.*

Teacher Aby: *Nakakatuwa naman at ang lahat ay nakiki-isa sa pagdiriwang ng "Earth day." Napakagandang tingnan ng paligid.*

Dennis: *Opo, sana po laging ganito. Malinis, maayos at maganda ang paligid dahil sa mga halaman, puno at makukulay na bulaklak at pakikiisa ng lahat.*

Teacher Aby: *Tama, kaya nga, dapat nating panatilihin ang kalinisan at kagandahan ng ating kalikasan. Lagi nating pangalagaan dahil ang magandang kalikasan ay nagbibigay kasiyahan at sa lahat lalo na sa Diyos.*

#### F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na ang ahat ng nilikha ng Diyos ay mabuti sapagkat ito ay nakakapag-bigay kasiyahan sa kanya.

#### G. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Isa sa mga paraan na mabibigyang kasiyahan natin ang Diyos ay ang pangangalaga ng pangangatawan na kanyang pinagkaloob.

- Pangangalaga sa mga buto
- Kahalagahan – karamihan ng ating buto ay nagpro-protakta ng mahahalagang organs gaya ng puso, baga at utak. Ang ilan sa ating mga buto ang gumagawa ng ating dugo.
- Mga paraan:

Ang regular na pag-ehersisyo ay makakatulong na mapanatili ang kalakasan ng mga buto.

Kumain ng mga *dairy products* gaya ng keso at uminom ng gatas.

Magsuot ng helmet, *knee* at *elbow pad* sa tuwing sasakay ng bisikleta o *skateboard*.

### Aralin 20 Ang Kalikasang Maayos at Maganda

Totoo: Ang Diyos ay Diyos ng kaayusan at hindi kaguluhan. Reference: 1 Corinthians 14:33

Mabuti: Ang kalikasang maayos at maganda ay mabuti.

Tama: Palaging walisin at linisin ang loob at labas ng bahay.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa paglikha ng Diyos.

#### C. Bible story: **Ang Diyos ay Diyos ng Kaayusan (Genesis 1&2, Exodus 20)**

Ang lahat ng bagay na nilikha ng Diyos ay nagbigay kasiyahan sa Kanya. Ang lahat ng ito ay may kaayusan. Ang araw, buwan at mga bituin ay nasa kalangitan. Hindi sila napupunta kung saan-saan dahil may kaayusan ang pagkalikha sa kanila ng Diyos. Ang kauna-unahang lalaki at babae na nilikha ng Diyos ay nilagay Niya sa Hardin ng Eden. Ito ay may kaayusan at ang kaayusang ito ay ipagpapatuloy ng tao.

Ang Diyos ay Diyos ng kaayusan. Hindi Siya nalulugod sa kaguluhan. Nang nagsimula nang dumami ang tao sa mundo, nagbigay ng mga kautusan o mga gabay ang Diyos. Ang mga gabay ay dapat sundin upang makapamuhay ang mga tao ng may kaayusan at may kapayapaan sa harap ng Diyos.

Tanungin ang mga bata:

1. Nasiyahan ba ang Diyos sa kanyang nilikha?
2. Nalulugod ba ang Diyos sa kaguluhan?
3. Sino ang magpapatuloy ng kaayusan sa Hardin ng Eden?
4. Mabuti ba ang kalikasang maayos at maganda?
5. Ano ang ibinigay ng Diyos para makapamuhay ang mga tao ng may kaayusan?
6. Mga bata, paano kayo makakatulong sa kaayusan at kagandahan ng ating kalikasan? (Tama, ang wastong pagtatapon ng basura, pagtanim ng mga halaman at pangangalaga dito ay mga paraan na maaaring magawa 1. ng batang tulad ninyo. Ang mabait na bata ay tumutulong sa ikaaayos at ikagaganda ng kalikasan.)

#### D. Familiar Story

Ang Miranda Street ay kilalang maganda at maayos na kalsada sa kanilang lugar. Lahat ng mga tao dito ay pina-panatiling maganda, malinis at maayos ang kanilang mga tahanan maging ang tapat ng kanilang mga bahay. Maliban sa tahanan nina Aling Celia. Marumi at magulo ang kanilang tahanan. Namumukod tangi ito sa lahat ng tahanan kaya di maiwasang pag-usap-usapan sila ng mga kapitbahay.

Isang araw, nagkaroon ng malubhang sakit ang anak niyang si Hansel kaya sa sobrang takot ni Aling Celia, agad niya itong isinugod sa ospital.

Dr. Kim: *Kayo po ang ina ng pasyente?"*

Aling Celia: *Opo, Ako po. Bakit po ba nagkasakit ang anak ko Dok? Kumakain naman po siya sa oras. Imposibleng magkaskit siya ng ganyan.*

Dr. Kim: *Misis, ang sakit po ng anak ninyo ay nakuha sa marumi at mabahong pligid. Saan po ba kayo nakatira? Maganda po na panatilihin ang kalinisan sa ating paligid upang makaiwas sa anumang sakit o karamdaman.*

Pumasok agad sa isip ni aling Celia ang maruming loob at labas ng kanilang tahanan at ang barado at mabahong kanal. Kaya mula noon ay natutunan na rin ni Aling Celia na laging linisin at panatilihin maayos ang kanilang tahanan. Ang kalikasang maayos at maganda ay kaaya-aya sa paningin!

#### F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na ang Diyos ay diyos ng kaayusan at kagandahan. Ang mga batang katulad nila ay makakatulong sa pagpapanatili ng kaayusan at kagandahan ng mga nilikha ng Diyos.